ANG PATNUBAY SA STAR NA ULAT SA IYONG ESTUDYANTE

ANG KAGAWARAN NG EDUKASYON NG CALIFORNIA

Ang patnubay na ito ay tutulong sa iyo na sundin ang ulat tungkol sa iyong anak at ang mga rekomendasyon. May mga seksyon ng ulat tungkol sa iyong anak na isinalin nang batay sa bawat salita at may ibang mga seksyon na may mas panlahat na ginawang pagsasalin.



1 Panimulang Liham

Mahal Naming Magulang/Tagapangalaga,

Taun-taon, sinusukat ng Programang STAR (STAR Program) ng California ang progreso ng iyong anak sa pagtugon sa Mga Pamantayan Ukol sa Nilalaman ng California (California's Content Standards), na naglalarawan ng dapat malaman at magawa ng lahat ng estudyante sa bawat antas ng grado.

Ang ulat na ito ay nagpapakita ng mga puntos ng iyong anak sa Mga Iksamen Ukol sa mga Pamantayan ng California (California Standards Tests), gayon din sa Mga Iksamen Ukol sa Nakakamit ng California, Ikaanim na Edisyong Pag-aaral (California Achievement Tests, Sixth Edition Survey [CAT/6 Survey]). Ang ulat ay nagbibigay din ng mga mungkahi kung paano ka patuloy na makakatulong na matuto ang iyong anak.

2 Impormasyon tungkol sa iyong anak

Dito ay matatagpuan mo: ang numero bilang estudyante, kapanganakan, grado, petsa ng iksamen, paaralan, at distrito ng iyong anak. Kung makukuha, lilitaw rin ang iyong direksyong pangkoreo.

3 Ang kabuuang resulta ng iyong anak sa Mga Iksamen Ukol sa mga Pamantayan ng California

Ang mga puntos at mga antas ng pagganap ng Iyong anak

Tingnan ang nakuha ng iyong anak sa Mga Iksamen Ukol sa mga Pamantayan ng California sa pamamagitan ng pagtingin sa mga patayong itim na bar sa ilalim ng bawat ulong asignatura. Ang numero sa ibabaw ng bawat bar ay ang eksaktong puntos ng iyong anak sa iksamen. Ang mga may-kulay na kahon sa kaliwa at ang teksto sa ilalim ng bawat itim na bar ay nagbibigay ng antas ng pagganap ng iyong anak sa bawat asignatura. May limang antas ng pagganap: Mataas (Advanced), Sanay (Proficient), Basiko (Basic), Mababa sa Basiko (Below Basic), at Napakababa sa Basiko (Far Below Basic).

May iksamen sa Ingles-Sining ng Wika at Matematika para sa karamihan ng mga estudyante sa Grado 2–11. May iksamen sa Kasaysayan-Agham na Panlipunan para sa lahat ng estudyante sa Grado 8, 10, at 11. May iksamen sa Agham para sa lahat ng estudyente sa Grado 5 at sa ilang estudyante sa Grado 9, 10, at 11. Ang mga puntos ay ibinibigay sa lahat ng iksameng kinuha ng iyong anak. Kung ang iyong anak ay hindi kumuha ng isa o higit sa mga iksameng ito o kung ang isang puntos ay hindi dapat iulat, ito ay itatala.

Kung ang iyong anak ay pinakuha ng iksamen sa ilalim ng mga espesyal na pangyayari, ang isa sa mga sumusunod ay lilitaw: "Ginamit ang Iksamen sa Braille (Braille Test Used)" o "Ang Iyong Anak ay Nasuring Mas Mababa sa Antas ng Grado (Your Child Was Tested Below Grade Level)."

4 Magagamit mo ang mga web address na ito upang mahanap ang kumpletong resulta ng STAR (http://star.cde.ca.gov) at ang Kard ng Ulat Ukol sa Pananagutan (Accountability Report Card) ng paaralan ng iyong anak (www.cde.ca.gov/ta/ac/sa). Makakahiling ka rin ng kopya ng Kard ng Ulat Ukol sa Pananagutan ng Paaralan (School Accountability Report Card [SARC]) sa paaralan ng iyong anak.

5 Paano tutulungan ang iyong anak

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng mga paraan para makatulong ka sa iyong anak sa paaralan. Kabilang dito ang mga sumusunod:

1 Repasuhin ang ulat na ito kasama ng iyong anak at ng guro ng iyong anak.
2 Bigyan ang iyong anak ng tahimik na lugar para mag-aral sa bawat araw.
3 Magpakita ng interes sa pagsulong ng iyong anak sa buong taong pampaaralan.

6 Ang mga lakas at pangangailangan ng iyong anak batay sa mga iksameng ito

Ipinapakita ng mga chart na ito ang pagganap ng iyong anak sa iba-ibang lugar ng nilalaman para sa bawat kinuhang iksamen. Ang asignatura sa bawat iksamen ay nakalista sa ibabaw ng bawat chart. Kasama ang Ingles-Sining ng Wika at Matematika sa karamihan sa mga ulat para sa mga estudyante sa Grado 2-11. Kasama ang Agham sa mga ulat para sa mga estudyante sa Grado 5, 9, 10, at 11. Kasama ang Kasaysayan-Agham na Panlipunan sa mga ulat para sa mga estudyante sa Grado 8, 10, 11.

Ang mga aytem sa Iksamen Ukol sa mga Pamantayan ng California (CST) ay nakagrupo sa mga lugar ng nilalaman sa kaliwa ng bawat chart. Ang mga lugar na ito ng nilalaman ay batay sa Mga Pamantayan Ukol sa Nilalaman ng California, na naglalarawan ng dapat malaman at magawa ng iyong anak sa bawat antas ng grado. (Kung ang iyong anak ay hindi kumuha ng alinman sa mga iksamen na inaasahan sa kanyang antas ng grado o kung ang puntos ay hindi makukuha para iulat, ito ay itatala.)

Sa kanang panig ng chart, ang puntos ng iyong anak sa bawat lugar ng nilalaman ay inihahambing sa mga puntos ng mga estudyante na ang kabuuang pagganap sa iksamen ay Sanay. Ang Sanay na pagganap ay ang siyang inaasinta ng estado para sa lahat ng estudyante.

May karagdagang impormasyon sa ilalim ng chart tungkol sa pagganap ng iyong anak sa bawat iksamen.



7 Ang seksyong ito ay naglalaman ng isa sa mga sumusunod:

- Ang mga ulat para sa mga estudyante sa Grado 2–4, 6, at 7 ay may impormasyon tungkol sa Mga Pamantayan sa Ingles-Sining ng Wika at Mga Pamantayan sa Matematika.
- Ang mga ulat para sa mga estudyante sa Grado 5, 8, at 9 ay may tatlong asignatura at isang seksyon ng mga karagdagang mapagkukunan.
  - Grado 5 at 9 ay may Ingles-Sining ng Wika, Matematika, at Agham.
  - Grado 8 ay may Ingles-Sining ng Wika, Matematika, at Kasaysayan-Agham na Panlipunan.
- Ang mga ulat sa mga estudyante sa Grado 10 at 11 ay may impormasyon tungkol sa puntos sa mga iksamen sa Kasaysayan-Agham na Panlipunan at Agham.

8 Ang mga inilabas na aytem ng iksamen (mga katanungan mula sa mga naunang iksamen) ay makukuha sa www.cde.ca.gov/ta/tg/sr/resources.asp at ang mga kumpletong kopya ng mga pamantayan ng nilalaman ay makukuha sa www.cde.ca.gov/be/st/ss sa Internet.

9 Listahan ng Pagbabasa ng California

Ang kahong ito ay nagbibigay ng Numero sa Listahan ng Pagbabasa ng California (California Reading List Number) ng iyong anak. Upang mahanap ang mga inirerekomendang libro batay sa pagganap sa pagbabasa ng iyong anak sa CAT 6 Survey, pumunta sa website ng STAR (http://star.cde.ca.gov) at mag-klik sa "California Reading List." Ang listahan ay nagbibigay ng mga titulo ng mga libro na dapat mabasang mag-isa ng iyong anak. Kabilang dito ang iba-ibang uri ng libro, tulad ng kathambuhay (fiction), di-kathambuhay (nonfiction), mga dula, at tula.

Himukin ang iyong anak na magbasa sa bahay at tulungan siyang humanap ng mga kawili-wiling libro. Ang matatag na kasanayan sa pagbabasa ay mahalaga para magtagumpay sa lahat ng asignatura sa paaralan.

10 Pambansang Paghahambing

Ang kahong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pambansang paghahambing. Bilang bahagi ng Programang STAR, ang iyong anak ay kumuha ng iksameng tinatawag na CAT/6 Survey, na ipinapakita kung paano gumanap ang iyong anak sa mga basikong kasanayan kumpara sa isang sampol ng mga estudyanteng pinakuha ng iksamen sa buong Estados Unidos. Ang mga graph sa kahong ito ay nagpapakita ng "percentile ranks" upang ipakita ang pagganap ng iyong anak. Halimbawa, ang percentile rank na 40 sa pagbabasa ay nangangahulugang ang iyong anak ay pumuntos na kapantay o nakakahigit sa 40% ng mga estudyanteng pinakuha ng iksamen sa sampol. Ang pinakamababang posibleng percentile rank ay 1, at ang pinakamataas na posibleng percentile rank ay 99. (Kung ang iyong anak ay pinakuha ng iksamen na may mga kaluwagan o pagbabago, ito ay itatala.)

© 2004 The Grow Network. Nakareserba ang Lahat ng Karapatan. Ang mga sumusunod na prase ay mga trademark ng Grow Network. *Grow*, *Grow Network*, *Grow Parent Report*.